

Supplemental Scholarship Grant para sa Metropolitan Tokyo National at Public High School sa Taong 2018

*** Ang “Suporta sa Pag-aaral” at “Benepisyong Scholarship” ay magkaiba ang huling araw ng pagsumite at certification criteria. Linawin itong mabuti.**

*** Hindi kailangang magsumite ng papeles kung hindi naman nag-a-aplay ng “Supplemental Scholarship Grant.”**

1. Kinauukulan

Mga tagapag-alaga na natupad ang sumusunod na kondisyon sa kasalukuyang Hulyo 1, 2018 (petsang batayan pumasok mula Hulyo)

- (1) May mag-aaral na kalipikadong tumanggap ng suporta sa pag-aaral sa high-school o suporta sa pagbabalik-aral.
 - * Hindi maaari kapag ang bata ay nakalagay sa children’s institution o foster parent at binabayaran ang welfare expenses (sa educational trip o special education).
- (2) Pamilyang tumatanggap ng tulong sa pamahalaan o ang lahat ng tagapag-alaga ay walang-buwis (0 yen) sa pinagsamang prefectural at local tax on income prorated basis..
- (3) Ang tirahan ng tagapag-alaga ay nasa Metropolitan Tokyo.
 - * Kung ang tagapag-alaga ay naninirahan sa labas ng Tokyo, magsumite lamang sa prefectural board of education kung saan kayo nakatira.
 - * Kahit ang mag-aaral mismo ay pumapasok sa national o public high school sa labas ng Tokyo, kung ang tagapag-alaga ay naninirahan sa Tokyo, magsusumite pa rin sa Metropolitan Tokyo Board of Education.

Pagsusuri ng Kinauukulan

* Kapag ang kinauukulan ay magkakapatid na marami, kailangang isa-isang magsumite..

Sa kasalukuyang Hulyo 1, 2018, tumatanggap ba ang tagapag-alaga ng tulong sa pamahalaan (Tulong Pangkabuhayan)?

Hindi

Para sa taong 2018, wala bang buwis (0 yen) sa pinagsamang prefectural at local tax on income prorated basis ang lahat ng tagapag-alaga?

*** Kung hindi makakuha ng tax certificate dahil nakatira sa ibang bansa sa araw ng pagbabayad ng buwis, hindi maaring makinabang sa sistemang ito.**

Oo

Hindi

Hindi tugma

Naka-enrol ba ang mag-aaral sa correspondence course?

Hindi

Sa kasalukuyang Hulyo 1, 2018, may kapatid ba ang mag-aaral na tumutugma sa alinman sa sumusunod na kondisyon?

- A. Hindi mag-aaral sa high school (hindi kasama ang junior high school) na ang edad ay 15 taon pataas at 23 taon pababa na sinusuportahan..
- B. Mag-aaral sa high school (public o private man, anumang edad)

Oo (B)

Ang kapatid ba na iyan ay tumutugma sa alinman sa sumusunod?

- Siya ay nakakatandang kapatid na mag-aaral sa high school, kung ihambing sa estudyante mismo.
- Mag-aaral sa high school na naka-enroll sa correspondence course.

Oo (A)

Oo

Hindi

Hindi

Benepisyo ng “pamilyang tumatanggap ng tulong sa pamahalaan (tulong pangkabuhayan)

Benepisyo ng “pamilyang walang buwis, correspond-ence course”

Benepisyo ng “pamilyang walang buwis (pangalawang anak), full-time/part-time student”

Benepisyo ng “pamilyang walang buwis (unang anak), full-time/part-time student”

2. Benepisyo(taunang halaga)

	Full-time/Part-time	Correspondence
Pamilyang tumatanggap ng tulong (tulong pangkabuhayan)sa pamahalaan	32,300 yen	32,300 yen
Pamilyang walang buwis (unang anak)	80,800 yen	36,500 yen
Pamilyang walang buwis (mula pangalawang anak)	129,700 yen	

* Hindi kailangang bayaran ang benepisyo..

* Ang benepisyo ay itinakdang ibigay sa Disyembre 2018.

3. Mga Kailangang Papeles

* Ang mga papeles na may markang ☆ ay makukuha sa homepage ng Management Planning Office sa metropolitan school na pinapasukan o sa Tokyo Board of Education mula Hulyo 2018.



Lahat ng aplikante

- ① Aplikasyon para sa Supplemental Scholarship Grant sa Tokyo National Public High School (☆)
- ② Account Transfer Request Statement (☆) + kopya ng passbook ng banko
(pahinang nakikita ang bank code, branch code, account number at account name)
- ③ Awtorisasyon sa Paglalaan (☆) (Kapag sumang-ayon na ilalaan ang benepisyong matatanggap para sa koleksyon ng paaralan kaugnay sa mag-aaral sa high school na pinapasukan.)



Pamilyang tumatanggap ng tulong sa pamahalaan (tulong pangkabuhayan)

- ④ Sertipiko ng Tulong Pangkabuhayan (☆)
 - Pwedeng magsumite ng sertipiko na tumatanggap ng tulong sa pamahalaan na inisyu ng welfare office kung may nakasulat na “tumanggap ng tulong pangkabuhayan.”
 - Tiyakin na ang “petsa ng simula ng pagtanggap” ng tagapag-alaga ay bago mag Hulyo 1, 2018, at ang petsa ng pag-isyu ng sertipiko ay pagkatapos ng Hulyo 1, 2018.



Pamilyang Walang Buwis (Una at Pangalawang Anak)

* Kung ang mga kailangang papeles ay nasumite na sa pag-aplay ng suporta sa pag-aaral, hindi na kailangang magsumite ulit nito.

	Mag-aaral na pumapasok sa metropolitan high school	Mag-aaral na pumapasok sa paaralan maliban sa metropolitan high school
④	Collection baseboard ng Aking Numero (☆: ipinamamahagi lamang sa Management Planning Office ng metropolitan school)	Alinman sa sumusunod na para sa lahat ng tagapag-alaga [<ul style="list-style-type: none"> 2018 Residence Tax (No-Tax) Certificate 2018 Special Local Tax Collection Notice 2018 Residence Tax Payment Notice]
⑤	Resident Register o Certificate of Items Stated in Resident Register (☆) Tiyakin na ang “petsa ng simula ng paninirahan” ng tagapag-alaga ay bago mag Hulyo 1, 2018, at ang petsa ng pag-isyu ng sertipiko ay pagkatapos ng Hulyo 1, 2018.	
⑥	(Kung may kapatid na hindi high school na ang edad ay 15 taon pataas at 23 taon pababa na sinusupportahan. Kopya ng health insurance card ng kapatid Kung National Health Insurance ang card, kasamang isumite ang Petisyon sa Pagsuporta (☆)	
⑦	(Kung may kapatid na nag-aaral sa high school sa labas ng Tokyo, at nag-a-aplay bilang pangalawang anak) Certificate of Enrolment mula sa high school na pinapasukan ng kapatid	
⑧	(Kung ang mag-aaral mismo ay walang tagapag-alaga, pero sinusupportahan ng kita ng ibang tao) Kopya ng health insurance card ng mag-aaral Kung National Health Insurance ang card, kasamang isumite ang Petisyon sa Pagsuporta (☆)	

- *1. Kung hindi makapagsumite ng Aking Numero sa anumang dahilan, tingnan lamang ang “Paalala sa Pagsusumite ng Papeles” (3) sa ibaba..
- *2. Kung hindi kayo kasama sa dapat kokolektahan ng Aking Numero, ipasa lamang ang Aking Numero na nakalagay sa resident register pagkatapos mong **iproseso ito upang hindi nababasa (sulatan ito ng itim.)**

■ Paalala sa Pagsusumite ng Papeles

- (1) Kung ang mga kailangang papeles ay nasumite na sa pag-apply ng ng suporta sa pag-aaral, hindi na kailangang magsumite ulit nito..
 - * [Sa pag-apply ng suporta sa pag-aaral, kung ang petsa ng pag-isyu ng nasumiteng sertipiko ng tulong pangkabuhayan, resident register at certificate of items stated in resident register ay bago mag Hulyo 1, 2018, maaari lamang magsumite ulit nitong mga sertipiko na ang petsa ng pag-isyu ay pagkatapos ng Hulyo 1, 2018.](#)
- (2) Kung kailangan ang orihinal ng papeles, isumite lamang ang kopya nito dahil hindi na ito ibinabalik kapag nasumite na. **Kapag nagsumite ng kopya, tiyak lang na malinaw ang letra ng pangalan, Aking Numero atbp.**
- (3) Kung ang parental custodian o tagapag-alaga ng menor de edad ay tumutugma sa alinman sa sumusunod na 4, hindi kasama sa papeles na susuriin ang kita ng taong ito. Hindi kailangang magsumite ng papeles hinggil sa kita at itinuturing na walang parental custodian o tagapag-alaga, kaya magsumite lamang ng papeles na kailangan para sa ganitong kalagayan.
 - ① Pinuno ng Child Consultation Center na pansamantalang tumatayo bilang parental custodian,
 - ② Pinuno ng Child Welfare Facility,
 - ③ Juridical person na tumatayo bilang tagapag-alaga ng menor de edad,
 - ④ Tagapag-alaga ng menor de edad na naatasan lamang sa karapatan hinggil sa ari-arian
- (4) Kung sa anumang dahilan ay hindi makapagsumite ng Aking Numero collection baseboard, maaari lamang magsumite ng alinman sa sumusunod bilang kapalit nito (natitiyak ang kita na batayan ng local residence tax o prefectural tax sa mga sumusunod na dokumento).
 - ① 2018 Residence Tax (No-Tax) Certificate,
 - ② 2018 Special Local Tax Collection Notice,
 - ③ 2018 Residence Tax Payment Notice
- (5) Kung nag-aaral sa national o public high school na hindi metropolitan school at nag-a-apply ng supplemental scholarship grant para sa Tokyo national at public school, kumuha lamang ng certificate of enrollment at sertipikong (may selyo) kayo ay kalipikadong tumanggap ng suporta sa pag-aaral o sa pagbabalik-aral mula sa principal ng paaralan na pinapasukan.

4. Sa mga Pumapasok sa Metropolitan School

Nagsimula ang sistemang Aking Numero (Tax at Social Security Number System) noong Enero 1, 2016. Sa mga metropolitan high school at junior high school, sinimulan ang pag-aplay ng supplemental scholarship grant gamit ang Aking Numero mula 2018 upang mapadali ang proseso

■ Kagandahan ng Paggamit ng Aking Numero

Hanggang 2017

Kukuha ng income tax certificate sa munisipyo at isusumite ito sa paaralan

In and after Fiscal 2018

Isusumite sa paaralan ang kopya ng Aking Numero card ng tagapag-alaga



Hindi na kailangan ang proseso at bayad sa munisipyo.

Bawat taon, kukuha muna ng income tax certificate bago mag-aplay.

Ang pinakabagong impormasyon tungkol sa tax ay nakukuha gamit ang Aking Numero na naisumite na, kaya di na kailangang mag-aplay.



Kapag nagsumite na ng kopya ng Aking Numero sa pag-aplay sa ibang Sistema (suporta sa pag-aaral sa high school, supplemental scholarship grant sa metropolitan school), hindi na kailangang magsumite ulit ng kopya nito.

■ Papeles na Nalalaman ang Aking Numero

(1) Notice Card ng Indibidwal na Numero



(2) Likod ng Indibidwal na Numero (Aking Numero)



(3) Resident Register na may Indibidwal na Numero (My Number)

Nakukuha ito sa munisipyo kung saan nakatala ang paninirahan.


■ Pangangasiwa ng Naisumiteng Personal na Impormasyon

Ang personal na impormasyon na nakalap ng Metropolitan Tokyo Board of Education tungkol sa mag-aaral at tagapag-alaga sa ilalim ng sistemang ito ay maaayos at mahigpit na pangangasiwaan alinsunod sa batas. Ganundin, kapag ang pagpapatakbo ng programang suporta sa pag-aaral ay kinontrata sa ibang kompanya, magsasagawa kami nang kailangan at maayos na pangangasiwa sa kompanyang ito. Ang isinumiteng Aking Numero ay maaaring gamitin sa pagpapatakbo ng ibang programang suporta sa pag-aaral (suporta sa pag-aaral para sa high school, supplemental scholarship grant para sa mga paaralan sa Metropolitan Tokyo, suporta sa pagbabalik-aral sa mga paaralan sa Metropolitan Tokyo). Hinihiling namin ang inyong pag-uunawa tungkol dito.

* Ang impormasyon na nakalap sa pamamagitan ng paggamit ng Aking Numero ay tungkol lamang sa buwis. Tulad ng dati, kailangan pa rin ang sertipiko ng tulong pangkabuhayan, sertipiko ng pagtanggap ng tulong sa pamahalaan, resident register at certificate of items stated in the resident register na nakukuha sa munisipyo

5. Huling Araw at Lugar ng Pagsumite

Ang huling araw at lugar ng pagsumite ay depende sa tirahan ng tagapag-alaga at pinapasukan ng mag-aaral.



6. Madalas na Itanong

Q1: Dahil nagtatrabaho ako sa ibang bansa, wala akong tirahan sa Japan. Kung kasalukuyang tumatanggap ng “suporta sa pag-aaral”, maaari rin bang tumanggap ng “supplemental scholarship grant”?

A1: Ang kondisyon para sa “supplemental scholarship grant” ay nasa Japan ang tirahan ng lahat ng tagapag-alaga. Kapag walang tirahan sa Japan ang kahit isa sa mga tagapag-alaga dahil nagtrabaho sa ibang bansa, hindi na kalipikado sa “supplemental scholarship grant.”

Q2: Lumipat (Tumigil) ako ng pag-aaral pagkaraan ng Hulyo 1, maaari pa ba akong mag-aplay? Kung maaari, sa paaralang lilipatan ko ba dapat magsumite?

A2: Maaaring mag-aplay. Kung tumigil ng pag-aaral pagkaraan ng Hulyo 1, magsumite lamang sa paaralan bago ka tumigil; kung lumipat ng paaralan pagkaraan ng Hulyo 1, magsumite sa paaralan bago ka lumipat.

Q3: Ang ama ko ay nagtatrabahong mag-isa sa ibang prefecture. Maaari ba akong mag-aplay sa Tokyo?

A3: Kung ang base ng pamumuhay ay nasa Tokyo, maaari lamang mag-aplay sa Tokyo. Pero kung nakapag-aplay na sa lugar ng pinagtrabuhan ng ama, hindi na maaaring mag-aplay sa Tokyo.

7. Para sa Katanungan

- ▶ **Pamilyang ang mag-aaral ay naka-enrol sa metropolitan high school o junior high school**
Management Planning Office ng high school kung saan pumapasok ang mag-aaral
- ▶ **Pamilyang ang mag-aaral ay naka-enrol sa national at public high school na hindi metropolitan high school**
Accounting Officer, High School Education Section, Metropolitan School Education Division,
Metropolitan Office of Education Northside 39F, Tokyo Metropolitan Government Building No.1
8-1 Nishishinjuku 2-chome, Shinjuku-ku, Tokyo 163-8001, Japan
Tel.: 03-5320-7862 (Weekdays 9:00-17:00)